Mga Rekomendasyon sa Bakuna laban sa Pagkalat ng MMR:

Dahilan sa kasalukuyang pagkalat ng beke sa Hawaii, dagdag pa sa mga kinagawiang bakuna, **ang mga kabataan at mga nakatatanda** (na ipinanganak noong 1957 o pagkatapos) ay dapat tumanggap **ng karagdagang dosis ng bakuna na MMR** ngayon.

Inirerekomenda ang dosis ng bakuna laban sa pagkalat ng MMR, ***ng walang pakundangan sa***:

- Nakaraang bakuna na angkop sa edad; o
- Dokumentasyon ng isang pagsusuri sa dugo na nagpapakita ng pagiging imyun sa beke

Ang mga dosis ng bakuna na MMR ay dapat na may humigit-kumulang 4 na linggong pagitan. Ang isang tao ay dapat bigyan ng hindi hihigit sa 3 dosis ng bakuna laban sa beke.

Bago nagkaroon ng mga bakuna, halos lahat ay nagkakaroon ng impeksyong beke sa panahon ng pagiging bata. Ang karamihan ng mga tao na ipinanganak bago ang 1957 ay malamang na nagkaroon ng impeksyon ng beke at samakatuwid ay ipinapalagay na protektado. Ang mga tao na ipinanganak bago ang 1957 na hindi sigurado kung nagkaroon ng sakit na beke noon ay dapat makipag-usap sa kanilang tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagbabakuna.

Sa pangkalahatan, bagama't hindi ideyal, ang pagbibigay ng ekstrang dosis ng bakuna ay walang ibibigay na medikal na problema.